

Maui Wildfire Recovery

Pagkuha ng Sample ng EPA ng Iniinom na Tubig



Marso 1, 2024

Ang EPA ay nagkakaloob ng patnubay at teknikal na tulong sa County of Maui Department of Water Supply sa pamamagitan ng pagkuha ng sample.

Ang daming ibinibigay ng Maui sa mundo. Bilang mga bisita, ipinagmamalaki naming ibalik sa kanila ang suporta.

Noong ika-8 ng Agosto, 2023, ang mga wildfire ay nagdulot ng kalat na epekto sa drinking water system sa Lahaina. Ang mga epektong ito ay kinabibilangan ng mga pinsala sa imprastruktura, kawalan ng presyon ng tubig, at posibleng kontaminasyon. Ang kontaminasyon ay maaaring ipalabas sa tubig sanhi ng pagkasira ng imprastruktura o maaaring mangyari kung ang usok, mga hot gas, at kemikal mula sa nasusunog na taniman at ang mga instruktura ay pumapasok sa mga linya ng tubig. Maaaring mangyaring ang pagpasok na ito kapag lubos na bumaba ang presyon ng tubig sanhi ng mga sirang linya ng tubig o demand ng tubig sa iba pang lugar sa system. Ang saklaw ng mga epekto ay di natitiyak at kailangang kumuha ng sample upang malaman ang posibleng mga epekto ng pinsalang ito sa drinking water system.

Ka-partner ang Maui Department of Water Supply (DWS) at Hawaii Department of Health (DOH), ang EPA ay kukuha ng sample ng iniinom na tubig. Ang mga pagsisikap na ito na kumuha ng sample ay magbibigay ng impormasyon sa County ng Maui tungkol sa anumang kontaminasyon mula sa wildfire na maaaring nasa mga tubo ng iniinom na tubig.

Estratehiya ng EPA sa Pagkuha ng Sample:

Ang EPA ay kumukuha ng sampe mula umpisa pa lang ng Pebrero at may dalawang estratehiya sa pagkuha ng sample, ang isa ay para sa pangunahing distribution system at ang isa ay para sa mga katabing service line sa meter box. Ang pagkuha ng sample ng distribution system ay ginagawa sa pamamagitan ng pagkuha ng mga sample mula sa mga fire hydrant, habang sa pag-sample naman ng mga katabing service line ay kinabibilangan ng pagkakabit ng sampling apparatus sa meter box. Ang parehong trabahong ito ay magbibigay ng impormasyon sa County ng Maui ng anumang kontaminasyon na nagmula sa wildfire.

Sa ngayon, ang EPA ay kumukuha ng sample galing sa distribution system, kung saan ang mga crew ay kumukuha ng mga sample sa mga fire hydrant sa mga area na apektado ng mga wildfire. Kumukuha ng sample ang EPA para sa:

- Chlorine Residual
- Coliform bacteria
- Volatile Organic Compounds (VOCs)
- Semi-volatile Organic Compounds (SVOCs)



Larawan 1. Ang crew member ng EPA ay kumukuha ng sample para sa distribution system galing sa isang fire hydrant.

Kasunod ng pagkuha ng sample sa hydrant, ang EPA ay kukuha ng mga sample sa mga katabing linya (mga tubo na nagdadala ng tubig papunta at galing sa gusali patungo sa mga main line) sa lahat ng mga ari-arian na may nasunog na mga istruktura para sa mga VOC at SVOC. Ang mga resuta na galing sa pagkuha ng sample na ito ay ibibigay sa DWS.

Epekto sa Komunidad:

Sa kasalukuyan, ang County ay muling na-pressurize ang karamihan sa drinking water system at nagtatrabaho para mabigyan ng pressure ang mga natitirang area. Ang mga crew ng EPA ay kumukuha ng mga sample sa mga area na may nabalik nang presyon ng tubig. Hindi ito nangangahulugan na ang mga linya ay ligtas na o handa nang gamitin.

Magpapasya ang County ng Maui kung ang tubig ay maiinom at handa nang gamitin o kinakailangan para ng karagdagang trabaho para matamo iyon. Maaaring masubaybayan ng mga residente ang mga area na may abiso sa di ligtas na tubig, kung saan makakakuha ng ligtas na maiinom na tubig, mga update sa katayuan at marami pang iba mula sa website ng County ng Maui: Mauirecovers.org o sa pamamagitan ng pagtawag nang direkta sa county sa (808) 270-7550.

Pangunahing Mga Kontak		
U.S. EPA	County of Maui Department of Water Supply	Hawai'i State Department of Health:
Telepono: (808) 229-5184	Telepono: (808) 270-7550	Telepono: (833) 833-3431 o (808) 586-4468
Email: R9Wildfiresinfo@epa.gov	Website: www.mauirecovers.org/	Website: health.hawaii.gov/mauiwildfires